Mga Madalas na Katanungan

Hokkaido Foreign Resident Support Center

Ibinase sa impormasyon mula sa Immigration Services Agency official website.

Q: Habang ako ay nag-aaral sa unibersidad, nagtrabaho ako ng part-time sa pamamagitan ng "permiso upang makagawa ng mga gawain bukod sa taglay kong residence status." Pangkaraniwan, nagtrabaho ako hanggang 28 oras sa isang linggo. **Ilang oras po akong puedeng magtrabaho sa tag-araw na bakasyon**?

A:



Sa panahon ng mahabang bakasyon ng paaralan na itinalaga nang inyong institusyong pang edukasyon, gaya ng tag-araw, tag-lamig, o tag-sibol, maaari kayong mag-trabaho hanggang 8 oras sa isang araw.

Gayon pa man, hindi kayo puedeng lumampas ng 40 oras sa isang linggo**,** bilang takdang kondisyon ng Labour Standards Act.

Maaari ninyong i-tsek ang Immigration Services Agency website para sa mas maraming detalye tungkol sa permiso upang makagawa ng mga gawain bukod sa inyong Student residence status.

https://www.moj.go.jp/isa/applications/procedures/nyuukokukanri07_00003.html

ATENSYON!

Kapag kayo ay nagtapos, ang inyong status bilang "Estudyante" ay tapos na. Ito ay nangangahulugan na habang bakasyon matapos ang inyong pagtatapos**,** hindi na kayo puedeng magtrabaho ng part-time kasama ng "permiso upang makagawa ng mga gawain bukod sa taglay kong residence status."

Kung inyong lalabagin ang mga patakaran ng permiso upang makapag-trabaho bukod sa inyong taglay na residence status, maaaring hindi na kayo makakapag renew ng inyong residence status. Siguraduhing sundin ang mga patakaran sa pagta-trabaho!

Sanggunian: Saligan para sa mga oras ng trabaho, Oras ng Pahinga at mga Araw ng Walang Pasok

Ayon sa tuntunin, ang mga employer ay hindi dapat pinagta-trabaho ang mga empleyado ng lampas sa **40 oras sa isang linggo o lampas sa 8 oras sa isang araw.** Sa karagdagan, kailangan silang magbigay ng **oras ng pahinga kahit 45 minuto man lang kung lalampas sa 6 na oras, o 60 minuto kung lalampas ng 8 oras**. Ang bawat oras nitong pahinga ay kailangan sa gitna ng oras ng trabaho. Bukod pa rito, kailangan rin silang magbigay sa mga manggagawa ng **isang araw na pahinga sa trabaho sa isang linggo, o 4 na araw o higit pa sa loob ng 4 na linggo**.

Kung nais ninyong malaman ang tungkol sa mas maraming kundisyon ukol sa pagta-trabaho sa Japan, gaya ng mga oras ng trabaho, breaks o kaya araw ng walang pasok, mangyaring sumangguni sa multilingual "**Working Conditions Handbook"** inilathala ng Ministry of Health, Labour at Welfare (MHLW).

https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/koyou_roudou/roudoukijun/foreign/index.html